

Ang Invasive Group B Streptococcus na Impeksyon na nauugnay sa Sequence Type 283 (ST283)

26 Oktubre 2021

Nagsasanhing elemento

Ang Group B Streptococcus (GBS), *Streptococcus agalactiae*, ay isang encapsulated gram-positive non-motile coccus bacterium. Ito ay malawak na ipinamamahagi sa magkakaibang uri ng hayop kabilang ang mga tao, mammalian na hayop, amphibian, reptilya at isda. Ang isang partikular na strain ng GBS, ang Sequence Type 283 (ST283), ay kabilang sa mga mas pinakamabagsik na strain ng GBS at nagdulot ng mga invasive na sakit sa marami kung hindi man malulusog na mga nasa hustong gulang o nasa hustong gulang na may medyo kaunting pangunahing mga komorbididad.

Ang presensya ng GBS ST283 ay nakita sa tubig-tabang na isda, sa partikular na sinasakang isda, sa Timog-silangang Asya na mga bansa na may paglaganap na naiuulat mula 12.5% hanggang 100%. Noong 2015, ang GBS ST283 ay nagdulot ng isang malaking invasive foodborne outbreak na kinasasangkutan ng hindi bababa sa 146 na tao sa Singapore. Ipinakita ng mga epidemiyolohikal na imbestigasyon na ang outbreak ay may malakas na kaugnayan sa pagkonsumo ng hilaw na tubig-tabang na isda at ito ay humantong sa pagbabawal sa paggamit ng hilaw na tubig-tabang na isda sa lahat ng ready-to-eat na hilaw na pagkaing isda sa Singapore mula noong Disyembre 2015. Pagkatapos noon, ang invasive na GBS ST283 na sakit ay naiuulat din sa ibang mga bansa at lugar sa loob at paligid ng Timog-silangang Asya kabilang ang Mainland Tsina, Hong Kong SAR, Lao People's Democratic Republic, Thailand, at Vietnam.

Mga feature na klinikal

Ang invasive na impeksyon ng GBS ay maaaring maging sepsis, meningitis, septic arthritis, infective endocarditis at kahit kamatayan.

Paraan ng transmisyon

Ang mga pinagmumulan ng invasive Group B Streptococcal na impeksyon na nauugnay sa ST283 ay halos hindi malinaw. Iniuulat ng literatura na nauugnay ito sa pagkain o hindi wastong paghawak ng kontaminadong pagkain, at ang ilan ay nag-uulat pa na ang invasive na Group B Streptococcus ST283 ay umiiral sa tubig-tabang na isda, lalo na ang cultured na isda.

Mga may matatas na peligrong grupo

Sa pangkalahatan, ang mga matatanda at immunocompromised na tao ay maaaring nasa mas mataas na panganib.

Pamamahala

Ang invasive Group B Streptococcus na impeksyon ay maaaring gamutin sa pamamagitan ng mga antibiotic.

Pag-iwas

Para maiwasan ang invasive group B streptococcus na impeksyong nauugnay sa ST283, pinapaalalahanan ang mga miyembro ng publiko na panatilihin ang kalinisan sa personal, pagkain at kapaligiran at dapat panatilihin malinis ang kanilang mga kamay at ugaliin ang maayos na pangangalaga sa sugat sa lahat ng oras, lalo na ang:

- Ang mga manggagawa ng mga produktong pantubig o restawran ay dapat magsuot ng guwantes kapag humahawak ng mga produktong pantubig at iwasan ang direktang pakikipag-ugnayan sa mga produktong pantubig o maruming tubig gamit ang mga kamay lamang.
- Hindi dapat hawakan ang isda o gumamit ng anumang tuwalya na ibinibigay sa mga stall sa palengke kapag bumibili ng isda mula sa mga pamilihan. Hugasan ang mga kamay gamit ang likidong sabon at tubig sa lalong madaling panahon kung may kontak sa mga hilaw na produktong pantubig
- Magsuot ng guwantes at maghugas ng kamay nang maigi pagkatapos hawakan ang mga produktong pantubig sa bahay
- Hindi dapat kumain ng anumang sashimi na tubig-tabang na isda, hilaw o hindi gaanong naluto na tubig-tabang na mga produktong pantubig. Siguraduhin na ang pagkain ay lubusang naluto kung saan ang gitna o ang pinakamakapal na bahagi ng pagkain ay dapat umabot sa temperatura na 75 degrees upang maluto nang hindi bababa sa 15 segundo (upang sirain ang pathogen) kapag kumakain ng mainit na palayok na pagkain o congee item na binubuo ng mga produktong pantubig
- Hindi dapat direktang hawakan ang mga produktong pantubig kapag may sugat sa mga kamay. Kung ang isang sugat ay natamo sa panahon ng paghawak ng mga produktong pantubig, dapat na linisin kaagad ang sugat at maayos na takpan ng mga waterproof adhesive dressing. Humingi kaagad ng medikal na payo kapag may nakitang impeksyon sa sugat.